# *Aral sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 57*
# *Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan ng Sardis Yugto 2*

***‘‘1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo. 4Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. 6Ang may pakinig,ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.’’ (Pahayag 3:1-6)***

***‘‘3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo.’’ (Pahayag 3:3)***

***Alalahanin:*** Dito si Jesus ay sinasabi sa simbahan sa |Sardis para alalahanin; ang simbahan ay may dangal sa pagiging buhay ngunit patay sinasabi ni Jesus sa kanila na alalahanin. Nang sinasabi ni Jesus sa kanila na alalahann ibig sabihin alinmang nakalimutan nila ang kanilang tinanggap ng mabubuting bagay mula sa Diyos o nakalimutan nila ang kanilang narinig mula sa aral at sa Salita ng Diyos. Marami ang nakatanggap ng mabubuting bagay ngunit kanilang nakalimutan; hindi dahil sila'y may maikling alaala kundi sa pagiging hindi tapat isinantabi nila at nabigong gawin ang kanilang pananagutan at bayaran ang kanilang tinanggap.

Ating baybayin ngayon ang Kasulatan at basahin kung saan sinabi ng Diyos sa Kanyang bayan at sa atin ngayon upang alalahanin sa gayo’y tayo'y mapaalalahanan upang pumaroon at gawin ang ating bahagi sa mga lugar na ating binigo ang Diyos**.**

***1.*** **“At sinabi ni Moises sa bayan, Alalahanin ninyo ang araw na ito na inialis ninyo sa Egipto, sa bahay ng pagkaalipin; sapagka't sa pamamagitan ng lakas ng kamay ay hinango kayo ng Panginoon sa dakong ito, wala sinomang kakain ng tinapay na may lebadura." (Exodu 13:3)** Iyon ay ang panahon ng Exodu mula sa Egipto, at dito si Moises ay sinabi sa kanila na alalahanin ang araw na ito upang panatilihing ibigay ang kanilang unang bunga sa Diyos. Para sa atin ngayon kailangan nating panatilihin ang Panginoong JesuCristo bilang Panginoon ng ating buhay, na nagligtas sa atin sa pamamagitan ng Kanyang dugo at kailangan nating ilagay Siyang una sa ating buhay. Sa partikular kaugnay sa kalagayan na sinalita ni Moises kailangan nating alalahanin na panatilihin ang Hapunan ng Panginoon, at upang alalahanin ang katuruan ng pagbibigay ng ating unang bunga sa Diyos.

Ang Panginoon sa gabing iyon ng Paglampas kung saan inalis niya ang kanyang bayan sa Egipto, pinatay niya ang unang silang sa Egipto sa tao at sa hayop, kaya naman inutusan Niya sila at kahit sa atin ngayon na ibigay ang ating unang bunga sa Diyos. Ngayon ang mga simbahan kanilang itinuturo ang kaligtasan ni Jesus at ang katuruan ng Hapunan ng Panginoon ngunit bigo at nakalimutan nilang ituro ang tungkol sa pagbibigay ng unang bunga. Samakatuwiid hindi dapat nating kalimutan ang katuruan ng kaligtasan at kailangan nating ipahayag ang mensahe ni Jesus at ang Kanyang pagkamatay sa krus; at huwag nating kalimutan ang katuruan ng Hapunan ng Panginoon at dapat nating gawin ito; at huwag nating kalimutan ang pagbibigay ng unang bunga at dapat nating isagawa ito.

***2. “Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin.” (Exodu 20:8)*** Kailangan nating alalahanin na magtrabaho ng anim na araw at magpahinga sa ikapitong araw. ***“At iyong aalalahanin na ikaw ay naging alipin sa lupain ng Egipto, at ikaw ay inilabas ng Panginoon mong Dios doon sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay at unat na bisig: kaya't iniutos sa iyo ng Panginoon mong Dios, na ipangilin mo ang araw ng sabbath.” (Deutronomio 5:15)*** Ang mga alipin na walang pahinga sila'y manghihina, kaya't kailangan magpahinga ng isang araw kada isang linggo upang magawa natin ang trabaho natin sa susunod na linggo. Pinaalalahanan sila ng Panginoon habang sila ay nasa Egipto sila'y hindi nagbibigay ng isang araw na pahinga, at sila'y nagigipit at nalalaman nila kung gaano kahirap na magtrabaho nang walang pahinga. Ngayon inutusan sila na gawin ang bagong kautusang ito ng Diyos sa kanilang buhay. Kaya naman at sa parehong paraan kailangan nating gawin kahit ang kautusan ito ng Diyos sa ating buhay. upang panatilihin ang isang araw kada isang linggo para magpahinga, upang tayo'y maibsan at ang mga kasama natin mula sa higpit ng trabaho at hindi tayo madiin o malumbay dahil sa kawalan ng pahinga.

***3. "38 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila na sila'y gumawa ng mga tirintas sa mga laylayan ng kanilang mga damit sa buong panahon ng kanilang mga lahi, at kanilang patungan ang tirintas ng bawa't laylayan ng isang panaling bughaw: 39At sa inyo'y magiging isang tirintas, upang inyong mamasdan, at inyong maalaala ang lahat ng mga utos ng Panginoon, at inyong tuparin; at upang huwag kayong sumunod sa inyong sariling puso at sa inyong sariling mga mata, na siya ninyong ipinangaapid: 40Upang inyong maalaala at gawin ang lahat ng aking mga utos, at maging banal kayo sa inyong Dios." (Bilang 15:38-40)*** Dito inutusan sila ni Moises na tirintasin ang mga damit, katulad ng ribbon sa laylayan ng kanilang damit upang kapag kanilang nakita ito, iyon ay magpapaalala sa kanila na huwag yumaon at gawin ang kanilang kalooban at kanilang gusto, kundi yumaon at sumunod sa mga tagubilin ng Diyos at mamuhay ng banal na buhay. Palagi kong ipinapaalala sa inyo na magbasa araw-araw ng Salita ng Diyos sa Bibliya upang hindi ka maligaw mula sa Kanya bilang ikaw ay pinapatnubayan ng Kanyang Salita na binabasa mo araw-araw sa iyong Bibliya. * Kapag binabasa mo ang iyong Bibliya maalala mo ang Salita ng Diyos at ang Kanyang mga tagubilin, sa gayon iyong gagawin. Kung ikaw ay hindi magbabasa sa gayon wala kang aalalahanin at hindi mo gagawin at sa huli gagawin mo lamang ang iyong kalooban. * Ang unang tanda ng pagtalikod ay hindi pagbabasa ng Bibiya at iyon ang nagdudulot sa mga hindi nagbabasa na maligaw.

***4. "At iyong aalalahanin ang buong paraan na ipinatnubay sa iyo ng Panginoon mong Dios nitong apat na pung taon sa ilang, upang kaniyang mapangumbaba ka, at subukin ka, na maalaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong gaganapin ang kaniyang mga utos o hindi." (Deutronomio 8:2)*** * Alalahanin ang lahat ng mga pagsubok na ipinahintulot ng Diyos na pagdaraanan mo sa lahat ng iyong buhay ay upang magpakumbaba ka at subukin ka sa pamamagitan ng paghihirap upang makita kung susunod ka sa Panginoon na iyong Diyos. * Madaling sumunod sa Diyos sa pamamagitan ng kapayapaan at walang kaguluhan ngunit ito ay mas dakilang bagay na sumunod sa panahon ng mga pagsubok. * Nang sinabi Niyang magpakumbaba ka, ibig niyang sabihin na yumuko ka upang gawin ang Kanyang kalooban, ito'y maglalaan ng panahon upang gawin iyon dahil sa iyong pagtutol, at upang manaig ang Panginoon sa iyong pagtutol ibibigay Niya ang maraming mga pagsubok upang higpitan ka para iderikta ka na gawin ang Kanyang kalooban. Kahit sa loob ng 40 na taon na ang mga Israelita ay tumutol sa Diyos at tumangging magpakumbaba sa Kanya.

***5. "Kundi iyong aalalahanin ang Panginoon mong Dios, sapagka't siya ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihan upang magkaroon ka ng kayamanan; upang kaniyang papagtibayin ang kaniyang tipan na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, gaya nga sa araw na ito." (Deutronomio 8:18)*** * Kailangan mong alalahanin na ang Diyos ay binigyan ka ng kapangyarihan na magkaroon ng kayamanan, ang kapangyarihang ito ay magaganap sa iyong buhay kapag ikaw ay nagsimulang sumunod sa mga tagubilin ng Diyos. * Sa mga tumalima sa Diyos sila'y mabuting katiwala ng mga materyal na bagay na ibinigay ng Diyos sa kanila., at maari nilang isalin ang kanilang materyal na mga bagay sa makalangit na kayamanan kapag kanilang ipinuhunan ang mga ito sa Kaharian ng Diyos, at sila'y magkakaroon ng mga kayamanan sa lupa at kayamanan sa Langit.

***6. "12 Kung ang iyong kapatid, na Hebreong lalake o babae, ay ipagbili sa iyo, at maglingkod sa iyong anim na taon; sa ikapitong taon nga ay iyong papagpapaalaming laya sa iyo. 13At pagka iyong papagpapaalaming laya sa iyo, ay huwag mo siyang papagpapaalaming walang dala: 14 Iyo siyang papagbabaunin na may kasaganaan ng bunga ng iyong kawan, at ng iyong giikan, at ng iyong pisaan ng ubas, kung paano ang ipinagpala sa iyo ng Panginoon mong Dios, ay bibigyan mo siya. 15At iyong aalalahanin na ikaw ay alipin sa lupain ng Egipto, at tinubos ka ng Panginoon mong Dios: kaya't iniuutos ko sa iyo ngayon ang bagay na ito." (Deutronomio 15:12-15)*** Dito ang Diyos ay nagsalita sa kanila tungkol sa mga dukha na kabilang sa kanila na ipinagbili ang kanilang sarili para maglingkod upang sila'y mabuhay; Inutusan niya sila na sa anim na taon na sila'y maglilingkod ngunit sa ikapitong taon ibibigay sa kanila ang kalayaan at silay palalayain ng may dala dala. Ipinaalala sa kanila na sila'y mga alipin o alipin sa Egipto ngunit tinubos ng Panginoon at pinalabas puno ng mabubuting bagay. * Sa parehong paraan para sa atin ngayon bilang tinubos tayo ng Panginoon mula sa kasalanan at kamatayan at binayaran ang ating pagkakautang at maayos tayong tinutustusan, kailangan nating maging maawain sa ating kapatiran at huwag manamantala sa kanila, kailangan nating bayaran sila kapag humingi tayo ng serbisyo sa kanila. Sila'y nangangailangan at kailangan nating ibigay ang kanilang pangangailangan at ibigay sa kanila ang mga mahahalagang bagay na kanilang kailangan. * Ito'y ipinapaalala sa atin ngayon na huwag magsamantala sa mga tao at huwag abusuhin sila. * Ang kasalanan ng pananamantala at paggamit sa mga tao ay talamak sa mga simbahan. Maraming gumagamit sa simbahan at inaabuso ang mga kapatiran at nanamantala sa kanila sa pangalan ng Panginoon; sa gayon kailangan nating pagsisihan ang ganoon.

***7. "12 At iyong aalalahanin na ikaw ay naging alipin sa Egipto: at iyong gaganapin at gagawin ang mga palatuntunang ito." (Deutronomio 16:12)*** Sa aklat ng Deutronomio kabanata 16 binanggit ng Panginoon sa mga Israelita ang mga kapistahan na sila'y tinawag upang ingatan at ganapin, ang Kapistahan ng Paglampas, ang Kapistahan ng Unang bunga (ang kapistahan ng isanglinggo), ang Kapistahan ng Tabernakulo. Sinabi Niya sa kanila na sila'y naging alipin sa Egipto kung saan sila'y mayroong katulad na mga dios-diosan ng mga taga-Egipto, sapagkat ang mga Israelita ay sumasamba sa mga dios-diosan ng mga taga-Egipto nang sila'y nasa

Egipto, sa gayon sinsabi Niya sa kanila ngayon na ganapin ang Salita ng Diyos at ang Kanyang mga utos. Kahit sa atin ngayon bago nating nakilala si Cristo isinasagawa natin ang mga kapistahan ng sanglibutan ngunit ngayong pagkatapos nating makilala si Cristo at ang Kanyang Salita kailangan nating sumunod sa Kanya at lumayo mula sa mga dios-diosang mga gawi na ipinapahintulot ng mga simbahan na makapasok sa loob nila katulad ng pagdiriwang ng araw ng kapanganakan, Araw ng mga Ina at Ama, Araw ng mga Puso, pagdiriwang ng Pasko at Bagong taon, Halloween, Araw ng Lahat ng mga Santo, aktibidades ng simbahan atbp. Kaya kailangan nating huwag alalahanin ang masasamang bagay at ganapin ang mga ito kundi kailangan nating isagawa ang Salita at ang mga utos ng Diyos. Ang ilang mga tao ay nagtatanong sa akin kung paano ko malalaman na ang mga tao'y hindi nagdiriwang ng kanilang araw ng kapanganakan sapagkat hindi nasusulat sa Bibliya. Ang aking sagot sa tanong na ito ay mula sa Deutronomio 16; Itinalaga ng Diyos para sa kanila kung ano ang isasagawa at gaganapin at kaya hindi nila kayang isantabi ang mga kapistahang ito upang isagawa ang kanilang pansariling araw ng kapanganakan. Isipin ang isang tao ay magsasabi sa seserdote hindi ako makakadalo sa Pentecoste dahil ako'y nagdiriwang ng aking kapanganakan. Ang mga kaganapang ito ay nagpatuloy hanggang kay Jesus at sa araw ng Pentecoste ang naunang simbahan ay pinuspos ng Banal na Espiritu at ang ganoong pagdiriwang para sa araw ng kapanganakan at sa ibang mga kapistahan ay hindi ginaganap sa naunang simbahan.

***8. "Alalahanin mo ang ginawa ng Panginoon mong Dios kay Miriam sa daan nang kayo'y lumalabas sa Egipto." (Deutronomio 24:9)*** Pinaalala Niya sila kung paanong sinaktan ng Panginoon si Miriam ng ketong nang siya ay walang pakundagan sa pakikipag-usap kay Moises. Nais ng Diyos na alalahanin natin na hahatulan Niya ang mga nagsasagawa nang walang pakundangan na paraan laban sa namumuno ng simbahan na ginagawa ang kanyang gawain nang tama.

***9. "16 Hindi papatayin ang mga magulang dahil sa mga anak, ni ang mga anak ay papatayin dahil sa mga magulang; bawa't tao'y papatayin dahil sa kaniyang sariling kasalanan.17 Huwag mong ililiko ang matuwid ng taga ibang bayan, ni ng ulila; ni huwag mong kukuning sangla ang damit ng babaing bao:18 Kundi aalalahanin mo na ikaw ay naging alipin sa Egipto, at tinubos ka ng Panginoon mong Dios mula roon: kaya't iniuutos ko sa iyong gawin mo ang bagay na ito." (Deutronomio 24:16-18)*** Dito hinihiling sa atin ng Panginoon na isagawa ang katarungan at katuwiran. Dapat nating tandan, hindi upang hatulan ang mga anak para sa kasalanan ng kanilang mga magulang ay hahatulan para sa mga kasalanan ng kanilang mga anak. Ipinakita ng Diyos ang habag sa kanila sa Egipto at tinubos sila at iniligtas sila sa kawalang katarungan; kahit para sa atin ngayon, iniligtas tayo ng Diyos mula sa kamay ng diablo at ipinakita sa atin ang habag sa pamamagitan ni Cristo at ng Kanyang ginawa sa krus. Iniligtas din tayo ng Diyos mula sa kawalang katarungan at pagmamalabis ng mga tao. Kaya't nais Niyang alalahanin natin iyon ngayon at kailangan nating ipakita ang habag at katarungan sa iba at huwag hayaan maapektuhan ang mga matutuwid ng kaparusang idinulot sa masasama.

***10. "19 Pagka iyong aanihin ang iyong ani sa bukid, at nakalimot ka ng isang bigkis sa bukid, ay huwag mong pagbabalikang kunin: magiging sa taga ibang lupa, sa ulila, at sa babaing bao: upang pagpalain ka ng Panginoon mong Dios sa lahat ng gawa ng iyong mga kamay.20 Pagka iyong papaspasan ang iyong puno ng olibo, ay huwag mong pagbabalikan ang mga nalagpasan; magiging sa taga ibang bayan, sa ulila, at sa babaing bao.21 Pagka ikaw ay namimitas sa iyong ubasan, ay huwag mong pupulutin ang nasa likuran mo; magiging sa taga ibang bayan, sa ulila, at sa babaing bao.22 At iyong aalalahanin na naging alipin ka sa lupain ng Egipto: kaya't iniuutos ko sa iyong gawin ang bagay na ito." (Deutronomio 24:19-22)*** Dito ay pinaalalahanan sila ng Panginoon na maging maawain sa mga dukha, sa mga dayuhan, sa mga ulila, at sa mga balo at payagan sila at mag-iwan para sa kanila, upang mag-ani sa kanilang mga bukid, ubasan at kanilang mga olibo upang makakuha ng pagkain mula sa kanila. Ipinaalala Niya sa kanila na ipinakita ng Diyos ang awa sa kanila habang sila ay nasa Ehipto at dahil alam nila ang masakit na lasa ng pagiging alipin pagkatapos ay hiniling niya sa kanila na maging mabuti sa mga dukha. Sa parehong paraan para sa atin ngayon, bago natin makilala si Cristo tayo ay malungkot, nasa mga kaguluhan, walang kagalakan at walang pananampalataya o katiyakan, ngunit ngayon habang tayo ay napupuspos ng Kanyang Espiritu at maayos na binibigyan Niya tayo ay tinawag na maging mabuti sa iba at maging maawain sa kanila, ang mga dukha at nangangailangan, ang mga dayuhan, ang mga ulila at mga balo, ang mga maysakit at ang lahat ng na nasa ilalim ng mga pribilehiyo ay tulungan sila na kumita ng kanilang pang araw araw na pagkain at inumin at ng kanilang iba pang mahahalagang pangangailangan.

***Sa aking mahal at minamahal ko:*** Tumayo tayo ngayon sa harapan ng Diyos at ipangako natin ang ating sarili na ganapin at gawin ang ipinaalala sa atin ngayon na gawin, upang ang mga kasalanan ay malinis sa ating buhay at iyon ay gagawin natin sa kung anong dinalang muli ng Diyos sa harap ng ating mga mata upang gawin.

***Ang aking panalangin:*** Ama Diyos ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na mag-uli sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na muling bumuhay sa akin at nagpamulat sa akin.

Ipahayag ang iyong mga kasalanan ngayon sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa mga sumusunod na kasalanan___________________________. Panginoon patawarin mo ako na nakalimutan kong gawin ang mga sumusunod____________________________________. Panginoon Ipinapangako ko ang aking sarili na susundin ang mga sumusunod na utos mo__________________________________________.

Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na tumslims sa iyong Salita na ito na natanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na ipangaral ang iyong Salita at susundin ko ang mga bagay na nais mong alalahanin at panatilihin ko sa aking buhay upang ang aking buhay ay maging isang mabuting halimbawa at patotoo sa iba.

Panginoon, ipinapanalangin ko ang aking mga Kapatid na tinanggap ang iyong Salita, nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang mamuhay at maglingkod sa iyo sa paggawa ng mga bagay na nais mong alalahanin at tuparin ko. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gamitin mo ang kanilang buhay upang maging mabuting halimbawa sa iba at maaakit sa iyo.

Panginoon pagpalain at itaguyod kami bilang isang simbahan. Panginoon panumbalikin kami at puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu upang magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon, dalangin naming bigyang-daan mo kaming magtanim ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at mga bagong kapisanan para sa simbahan at tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa Kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang ating lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Mga aral mula sa Sermon ni Jesus sa bundok Yugto 57. Ang Sulat ni Jesus sa simbahan sa Sardis Yugto 2. Apocalipsis 3:3. Exodo 13:3. Exodo 20:8. Deuteronomio 5:15. Mga Bilang 15:38-40. Deuteronomio 8:2,18. Deuteronomio 15:12-15. Deuteronomio 16:12. Deuteronomio 24:9, 16-18, 19-22.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com